IMMIGRATION ADVISERS AUTHORITY

## MGA LISENSYADONG NEW ZEALAND IMMIGRATION ADVISER

# MGA PROPESYONAL NA ISTANDARD

Ang mga lisensyadong New Zealand immigration adviser ay mga taong may skill na naka-meet sa mga istandard ng competency at sumusunod sa propesyonal na code of conduct.

Ang iyong New Zealand immigration adviser ay dapat lisensyado ng Immigration Advisers Authority (ang Authority) o kaya naman, siya ay exempted. Para ma-check kung lisensyado ang isang tao o para makita ang mga grupong exempted, bisitahin ang website ng Authority sa www.iaa.govt.nz.

## Ang Code of Conduct ng mga Lisensyadong Immigration Adviser

Sinisiguro ng code of conduct na ang iyong lisensyadong immigration adviser ay:

- magpapakita sa iyo ng ebidensya na siya ay lisensyado
- magiging honest, propesyonal, masipag at marespeto
- kikilos nang may makatwirang pag-iingat at nasa oras
- magbibigay sa iyo ng payo na walang personal na impluwensya
- magde-declare ng anumang mga conflict of interes, pati anumang komisyon na natanggap niya, at hihingan ka ng approval para patuloy siyang kumilos para sa iyo
- bibigyan ka ng nakasulat na agreement para pirmahan mo bago simulan ang anumang gawain na magse-set out ng mga ibibigay na service at mga fee
- maniningil ng mga fee na patas at makatwiran
- bibigyan ka ng mga invoice na magsasabi kung para saan ang mga fee
- sasabihin sa iyo kapag na-lodge na ang iyong application at bibigyan ka ng patuloy at nasa oras na mga update
- gagawing ligtas ang mga personal document mo at ibabalik ang mga ito sa iyo nang ligtas.

Kung magkaka-problema ka sa iyong lisensyadong immigration adviser, dapat mong i-try na ma-resolve ito sa kanya.

Kung kailangan mo ng tulong, kontakin ang Authority.

Ang pagrereklamo sa Authority ay hindi makakaapekto sa iyong visa application.

## Ang Immigration Advisers Authority:

- ay sinisigurong mga angkop na tao lamang ang bibigyan ng lisensya para magbigay ng immigration advice
- ay may public register ng mga lisensyadong immigration adviser
- ay nagde-develop at nagme-maintain ng mga competency standard at code of conduct para sa mga lisensyadong adviser
- ay nag-iinvestigate at gumagawa ng enforcement action laban sa mga pagkakasala sa ilalim ng Immigration Advisers Licensing Act 2007, gaya ng pagbibigay ng payo nang hindi lisensyado o exempted
- ay tumatanggap ng mga reklamo tungkol sa mga lisensyadong immigration adviser at, kung angkop, ire-refer sila sa Immigration Advisers Complaints and Disciplinary Tribunal na didinig sa reklamo at maaaring maglapat ng mga parusa.

Hindi ka matutulungan ng Authority sa iyong visa application.

Bisitahin ang **www.iaa.govt.nz** para sa karagdagang impormasyon at:

- Ang Licensed Immigration Advisers Code of Conduct.

## Mga Contact Detail ng Authority


**info@iaa.govt.nz** 0508 422 422
**www.iaa.govt.nz** +64 9 925 3838


**I-CLICK ANG ON** sa **www.iaa.govt.nz** para ma-check kung lisensyado ang isang tao

LISENSYADONG PROPESYONAL PROTEKTADONG MIGRANT


MINISTRY OF BUSINESS, INNOVATION & EMPLOYMENT
HĪKINA WHAKATUTUKI

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

MB14069 02/23 TAGLISH